



## Malaking pangamba dulot ng nawawalang kagamitan sa Mayon

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, STII

**I**nihalintulad ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo sa mga “mass murderer” ang mga nanloob sa dalawang seismic relay station ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (DOST-PHIVOLCS) sa Sto. Domingo, Albay sa kasagsagan ng Kapaskuhan.

Inihayag ni Sec. Montejo ang pagkadismaya sa mga nanloob sa nasabing seismic station ng ahensiya na kung saan ito ay naghahatid ng mga importanteng impormasyon hinggil sa mga aktibidades ng bulkang Mayon at mga paggalaw ng lupa sa lalawigan ng Albay. Aniya, “Ang mga taong ito ay walang pagpapahalaga sa buhay ng mga nakararami. Kanilang isinakripisyo ang kaligtasan ng mga taga-Albay kabilang ang sarili nila para lamang sa kakarampot na halagang kikitain mula sa pagnanakaw ng mga kable at instrumentong makapagsasalba ng kanilang buhay”.

Ayon sa ulat, Disyembre 14 pa ay hindi na nakatatanggap ng mga impormasyon mula sa dalawang relay station ang DOST-PHIVOLCS. Nang ito ay inspeksyunin ng mga technician mula sa ahensiya ay napag-alamang nawawala ang mga kable at limang pirasong 12 volts na baterya. Ang mga kableng ito diumano ay nakakabit sa mga seismic sensor na naghahatid ng mga mahahalagang impormasyon mula sa bulkang Mayon.

Ang DOST-PHIVOLCS ay mayroong apat na unmanned relay station sa Albay. Ito ay naglalaman ng mga kagamitan gaya ng seismic sensor, radio transceiver at mga solar panel na nagbibigay ng mga importanteng datos hinggil sa mga paggalaw ng lupa at ang mga aktibidad ng bulkang Mayon.

Ayon kay DOST-PHIVOLCS Director Renato U. Solidum, ang insidente ay nagdulot ng 50 porsiyentong pagkawala ng mga datos. “Mabuti

sundan sa pahina 2

## Enero bilang “Philippine Tropical Fabrics Month”

Ni George Robert Valencia III  
S&T Media Service, STII

**I**naprubahan ni Pangulong Benigno C. Aquino III noong Enero 12, 2012 ang Proclamation No. 313 upang ideklara ang buwan ng Enero kada taon bilang “Philippine Tropical Fabrics (PTF) Month” sa layong itaguyod ang paggamit ng indigenous fibers sa bansa tulad ng pinya, saging, abaca, at Philippine silk.

Ang proklamasyon ay naglalayon ding itaas pa ang interes na nakamit sa pagdiriwang ng Philippine Tropical Fabrics Day sa local tropical fibers na nilalalaman ng Proclamation No. 86.

Ang Philippine Textile Research Institute ng Department of Science and Technology (DOST-PTRI), bilang tagapanguna ng pananaliksik at pagpapalago ng teknolohiya sa mga habing tropikal ng bansa, ang mangunguna sa pagdiriwang ng Tropical Fabrics Month, na utos din ni Pang. Aquino.

“Ang kahusayan ng indigenous tropical fibers na ipinaunlad ng DOST-PTRI ay mas nagiging tanyag”, ayon kay G. Mario Montejo,

sundan sa pahina 2

### Nilalaman

*National flood management program, kasado na* **p. 2**

*Ceramic pot filter na may nano-colloidal silver: simple at abot-kaya* **p. 3**

*DOST at MMDA nagsama para sa mabilisang pagtugon sa kalamidad* **p. 4**  
*LarawaNews* **p. 4**

Malaking pangamba...

## Mula sa pahina 1

na lamang at walang masyadong paggalaw ang bulkang Mayon”.

Maliban dito, inihayag ni Dir. Solidum na ang bulkang Mayon ay nasa Alert Level 1 na kung susukat mula 0-5, ito ay maituturing na abnormal. Mayroong mga aktibidad ang bulkan na aming na-monitor, ayon pa rin kay Dir. Solidum.

Subalit, mariing ipinaliwanag ni Dir. Solidum na ang insidente, bagamat nagdulot ng panandaliang pagkabalang sa normal na

daloy ng mga datos, ay hindi naging balakid sa pagbibigay ng pinakahuling datos at impormasyon. “Ipinang-aalala ko lamang na ang DOST-PHIVOLCS ay hindi naging bulag ng dahil sa insidenteng ito sapagkat tayo ay mayroon iba pang mga relay station na normal ang pagtakbo sa iba’t ibang panig ng Albay”.

Samantala, hinikayat ni Sec. Montejo ang mga mamamayan na malapit sa mga weather forecasting at monitoring station na maging mapagmatyag at bantayan ang mga pasilidad na ito laban sa mga masasamang elemento. “Ang kaligtasan ng mga tao ang pangunahin nating konsiderasyon kaya ang ating

pamahalaan ay naglalaan ng bilyong piso sa pagpapatayo ng mga kagamitan at pasilidad na gaya nito upang ating mapangalagaan ang buhay ng mga tao lalo na ng mga nasa peligrosong lugar sa bansa. Ako ay nananawagan na ating pangalagaan ang mga kagamitang ito”.

Nanawagan din si Sec. Montejo sa mga kinauukulan na gumawa ng batas na magbibigay ng mahigpit na parusa sa mga magnanakaw ng mga kagamitan at kableng mula sa mga pasilidad na gaya ng sa DOST at ang mga pribadong indibidwal na tatangkilik sa mga ito.



Enero bilang...

## Mula sa pahina 1

Kalihim ng DOST. “Dahil sa R&D na ginagawa sa mga ito, napapalawak ang kanilang gamit, formal wear man o maging fashion accessory. Maganda ang pinatutunguhan nito.”

Pangunahing tampok sa pagdiriwang ay ang Fashion Show ng mga telang tropikal na may ibang “twist”. Pinamagatang “Bagong Habi, Salinlahi: Cutting-edge Philippine Textiles”, ang palabas ay magpapakita ng mga makabago, moderno, at kapanapanabik na fashion pieces. Ito ay idaraos sa Pebrero 8, 2012 sa InterContinental Hotel.

Ilan sa mga matagumpay na designer ng kasalukuyang henerasyon ang magtatampok ng kanilang mga likha gamit ang mga makabagong habi o kung tawagin ay neo-ethnic fabrics. Kasama dito ang abel ng

Ilocos Norte, hablon ng Iloilo, iba’t ibang habi mula sa Cordillera, at ang inaul ng Maguindanao. Itatampok din dito ang mga telang galing sa ilang hiblang tropikal na ipina-unlad ng DOST-PTRI gaya ng saluyot, water hyacinth, at maguey.

“Dahil sa Proclamation No. 313, ang DOST-PTRI at mga kabalikat nito ay magiging mas agresibo sa pagpapabilis ng komersyalisasyon ng ating mga tropical fiber technology” ayon kay Carlos Tomboc, Direktor ng DOST-PTRI. “Layunin din ng DOST-PTRI na mabura ang pagtingin sa indigenous fabrics bilang gamit lamang sa mga damit pangkasal at pampormal na okasyon, kundi ito ay maaaring pang-araw-araw din”.

Upang akayin ang mga inisyatibo sa pagtaguyod ng mga hiblang tropikal at

ibang mga habing-kamay, inihanda rin ng ahensya ang PTF Roadmap noong 2010, kasama hindi lamang ang mga ahensya ng gobyerno kundi pati na rin ang mga pangunahing kabalikat ng industriya at akademiya. Sa taong 2012, pangako din ni Dir. Tomboc na maitatampok pa nang husto ang mga local tropical fibers at neo-ethnic fabrics sa pamamagitan ng malawakang kampanya sa mga ito.

“Gamit ang roadmap na ito, mapag-iisa ang ating mga pagsisikap na maitaguyod ang mga local tropical fabric at mga telang etniko—at mapaghuusay ang kakayahan at mapararami ang pagkakataon para sa ating lokal na industriya”, wika ni Dr. Tomboc.

Kasama ng DOST-PTRI ang Department of Agriculture- Fiber Industry Development Authority, Department of Trade and Industry, Civil Service Commission, University of the Philippines-College of Home Economics, Textile Mills Association of the Philippines, Uniform Manufacturers Association of the Philippines, at mga magsasaka ng Labo Progressive Multi-Purpose Cooperative sa pagpapaunlad ng local fiber industry at pagpapasakatuparan ng PTF roadmap na pinangungunahan ng Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD).

Impormasyon mula kay Joy Camille Baldo, S&T Media Service, PTRI.

# National flood management program, kasado na

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, STII

**S**a likod ng malaking pinsala na dulot ng bagyong Sendong sa Iligan at Cagayan De Oro, ang Department of Science and Technology (DOST) ay isinapubliko ang pagkakaroon ng flood warning system na gawang pinoy upang palakasin ang kahandaan ng mga tao sa mga sakunang dulot ng bagyo at mga pagbaha.

Sa isang inter-agency meeting kamakailan, ipinakilala ni DOST Secretary Mario G. Montejo ang National Flood Monitoring, Forecasting,

and Mitigation Program o ang isang programang magbibigay ng komprehensibong flood warning system para sa mabilisang pagbibigay impormasyon sa mga apektadong lugar at ang mga pangunahing ilog at watershed sa bansa.

“The National Flood Monitoring Program is government’s commitment toward a more effective and efficient disaster mitigation and monitoring system. Too many lives have already been lost, and it is high time for science to step up to the plate and save lives this time around,” wika ni Sec. Montejo.

Ang proyekto ay tumanggap ng suporta mula sa iba’t ibang pinuno ng mga tanggapan ng pamahalaan gaya nina Department of Social Welfare and Development Secretary Ma. Corazon “Dinky” Soliman, at Department of Justice Secretary Leila de Lima. Ito ay sinang-ayunan rin ng mga undersecretary mula sa interior and local government

sundan sa pahina 3

## Ceramic pot filter na may nano-colloidal silver: simple at abot-kaya

Ni Luisa S. Lumioan  
S&T Media Service, STII

**A**ng nano-colloidal silver, o ang likidong suspensyon ng maliit na silver particles na may sukat nang mas mababa sa 100 nanometer (mas manipis pa sa hibla ng buhok ng tao) ay maaaring makatulong sa pagpapaalwan ng buhay ng mga Pilipinong may kakulangan sa malinis na inuming tubig.

Isang water filter na gawa sa red clay na binalutan ng nano-colloidal silver ang inilunsad ng Industrial Technology and Development Institute ng Department of Science and Technology (DOST-ITDI). Ang hugis-bangang filter ay ipinapatong sa isang plastic container. Ang tubig mula sa gripo o balon o iba pang pinagmulan ay ibinubuhos sa ceramic pot filter at makukulekta naman ang malinis na tubig sa plastic container.

Ang tubig na dumaaan sa filter ay pasado sa pamantayan para sa microbiological at chemical analysis ng Philippine National Standards for Drinking Water.



Mabisa at murang water filter ang handog ng DOST sa mga pamilyang nagnanais magkaroon ng malinis na inuming tubig. (Kuha ni Jerry Palad, S&T Media Service, STII)

Ang filter na ito ay madaling gawin, portable, abot-kaya, madaling gamitin, at gawa mula sa lokal na clay.

Ang unang nakinabang sa teknolohiyang ito ay ang ilang piling residente ng Southville 3, isang resettlement site sa Lungsod ng

Muntinlupa.

Ang teknolohiyang ito ay isa sa mga praktikal na solusyon sa pagtugon ng problema kaugnay sa malinis na inuming tubig na nakakaapekto pa rin sa 20 porsiyento ng populasyon.

**Aristotle P. Carandang**  
Editor-In-Chief

**Joy M. Lazcano**  
Layout/Graphics

**Mario B. Buarao**  
Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

[www.stii.dost.gov.ph](http://www.stii.dost.gov.ph)



Napagkasunduan ng mga pinuno ng bawat ahensiya ng pamahalaan ang pagkakaroon ng komprehensibong programa laban sa mga kalamidad. Kabilang sa pagpupulong ay sina (mula sa kaliwa) DSWD Secretary Ma. Corazon "Dinky" Soliman, DOST Secretary Mario G. Montejo, DPWH Secretary Rogelio Singson, Mindanao Development Authority Chair Luwalhati Antonino, at DOJ Secretary Leila de Lima. (Kuha ni Alan C. Taule, S&T Media Service, DOST)

maging ang mga taga environment department. Ang pagpupulong ay pinangunahan ni Department of Public Works and Highways Secretary Rogelio Singson.

Ang nasabing programa, ayon kay Sec. Montejo ay mayroong apat na bahagi: ang DREAM o ang Disaster Risk Exposure, Assesment, and Mitigation; FLOODNET; Sensors Development at ang Weather

together we will be able to achieve goals and end-results mutually beneficial for all," dagdag pa ni Sec. Montejo.

Binigyang diin naman ni Sec. Singson ang kahalagahan ng komunikasyon upang maintindihan ng publiko ang kahalagahan ng mga kagamitang gaya nito.

Impormasyon mula kay Allan Mauro V. Marfal, S&T Media Service, STII.

Media.

Ang hakbang na ito ay inilunsad matapos ang direktiba ni Pangulong Benigno Aquino III na nag-aatas sa mga ahensiya ng pamahalaan na paigtingin ang mga hakbang laban sa mga sakunang dulot ng mga bagyo at pagbaha.

"Disaster preparedness will entail a team effort, so that

# DOST at MMDA nagsama para sa mabilisang pagtugon sa kalamidad

Ni Allan Ace Aclan  
S&T Media Service, STII

**M**aasahan na ngayon ng publiko ang mas mabilis na tugon at pagsubaybay sa ulan at baha, ito ay batay sa pagtutulongan ng Department of Science and Technology (DOST) at Metro Manila Development Authority (MMDA) na nagkasundong pangasiwaan ang rehabilitasyon at iangat ang antas ng sistema ng pagmo-monitor sa buong kamaynilaan.

Sa isang Memorandum of Agreement na nilagdaan nina DOST Secretary Mario Montejo at MMDA Chair Francis Tolentino kamakailan, ay iroroll out ng DOST ang 38 water level monitoring station units (WLMS) at 13 automated rain gauges (ARG). Gagawing makabago din ng DOST ang dalawang data loggers ng rain gauge monitoring station ng MMDA.

Sa pamamagitan nito, maglalagay ang Advanced Science and Technology Institute (DOST-ASTI) ng mga bagong water level sensor para makakolekta ng mga datos sa loob ng 10 minuto at saka ito ipadadala sa pamamagitan ng GSM papunta sa server ng ASTI, at ipadadala naman nito ang mga datos papunta sa central command station ng MMDA. Ang mga makukolektang datos ay gagamitin pareho ng MMDA at Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA).



Nilagdaan nina DOST Secretary Mario G. Montejo (kaliwa) at MMDA Chairman Francis Tolentino ang MOA sa pagitan ng dalawang ahensiya upang paigtingin ang flood monitoring sa Metro Manila. (Kuha ni Alan C. Taule, S&T Media Service, DOST)

Ang mabilis na paghahatid ng mga datos gamit ang mga nasabing kasangkapan ay makatutulong sa mga ahensiya ng pamahalaan upang makagawa ng mabilis at tamang desisyon sa mga panahong may kalamidad lalo na sa mga peligrosong lugar.

Higit pa dito, bubuo ang DOST-ASTI ng isang visualization para sa mga nasabing flood monitoring system kung saan kabilang ang history ng mga nagdaang ulan at maging ang water level reading. Gagamitin din ng MMDA ang aquatic harvester prototype na gawa ng DOST upang masuri ang kaangkupan nito sa paglilinis ng water hyacinth na nagmumula sa mga ilog at lawa.

Maliban sa usaping teknikal at kagamitan, tutulongan din ng DOST ang MMDA sa pamamahagi ng impormasyon hinggil sa pamamahala ng mga sakuna at mga paraan ng pag-iwas dito. Tutulong ang PAGASA sa pagsasanay sa mga kawani ng MMDA maging ang mga tauhan ng lokal na pamahalaan para sa tamang paggamit nito.

Ayon kay Chariman Tolentino, ang kolaborasyong ito ng DOST ay isang pagsasanib ng S&T at serbisyong pampubliko at makasisiguro ang publiko na ang MMDA ay patuloy na magtataguyod ng ganitong uri ng pakikipagtulongan sa mga darating pang panahon.

*Impormasyon mula kina Joy M. Lazcano at Allan Mauro V. Marfal, S&T Media Service, STII*

## Larawan News



Iginawad ni Pangulong Benigno Aquino III kay Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC) Executive Director Arthur Lucas Cruz ang plake ng "Commitment to Quality Management" sa ika-14 na Philippine Quality Award (PQA) Conferment Ceremonies sa Malacañang Palace bilang pagkilala sa ahensiya para sa pagtataguyod ng kahusayan at kalidad sa serbisyo. Kasama ni Pangulong Aquino sina (mula kanan) DOST Sec. Mario Montejo, Trade and Industry Sec. Gregory Domingo at Development Academy of the Philippines President at PQA Award Administrator for the Public Sector Antonio Kalaw Jr. (Kuha ni Jay Morales, Malacañang Photo Bureau, PNA)